# Kasaysayan ng DZLB sa UPLB: Pagsasahimpapawid mula campus radio tungong closed TV circuit

Gloria Esguerra Melencio


## Abstrakt

Tinatalakay sa papel ang kasaysayan ng DZLB, radyong pangkomunidad ng University of the Philippines-Los Baños (UPLB) sa Laguna, may layong 63-kilometro sa Maynila. Isinasalaysay rito ang kasaysayan ng radyo sa ilalim ng College of Development Communication (UPLB-DevCom). Umiinog ang salaysay sa pagsisimula nito noong 1964 sa ilalim ng College of Agriculture Department of Agricultural Information and Communication hanggang sa naging Institute of Development Communication ito.

Halos magkapanabayang isinasalaysay sa papel ang kasaysayan kung paanong naging University of the Philippines-Los Baños (UPLB) ang dating University of the Philippines College of Agriculture (UPCA). Nakapailalim ang College of Agriculture Department of Agricultural Information and Communication na naging Institute of Development Communication ang UP DevCom hanggang 1972 sa gitna ng mga matitinding pangyayaring pulitikal sa Pilipinas.

Saksi sa ebolusyong ito ang mga mag-aaral na sinasanay sa larangan ng agrikultura at komunikasyon upang epektibong maibahagi sa komunidad—sa loob at labas—ang mga kaalamang kailangan upang mapabuti ang agrikultura at kabuhayan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng pagsasahimpapapawid sa School-on-Air at iba pang programa ng mga sinasanay na brodkaster at mamamahayag, nakikipagtalastasan sila sa pamamagitan ng DZLB sa mga magsasaka, mga ina ng tahanan, mga out-of-school youth at mga mag-aaral gamit ang air time sa radyo.

Plano sa kasalukuyan ng UPDevCom na magkaroon ng Online Teleradyo upang mas marating pa ang higit na malawak na mga nakikinig sa radyo at nanonood sa telebisyon.


Keywords: DZLB, UPLB, UP DevCom, radio, community broadcasting

## *Plaridel* Open Access Policy Statement
As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).

## How to cite this article in APA
Melencio, G. E. (2023). Kasaysayan ng DZLB sa UPLB: Pagsasahimpapawid mula campus radio tungong closed TV circuit. *Plaridel, 20*(1), 23-26. https://doi.org/10.52518/2021-16mlncio

## Abstract
This paper discusses the history of DZLB, the community radio of the University of the Philippines- Los Baños (UPLB) in Laguna, some 63 kilometers away from Manila. It traces the history of the radio under the College of Development Communication (UPLB-DevCom) that started in 1964. It tells the story of how the College of Agriculture Department of Agricultural Information and Communication evolved into the Institute of Development Communication making the UPLB history its backdrop.

From UPCA, UPLB metamorphosed during the critical politic al events that culminated in 1972 when martial law was imposed in the Philippines. Witnesses to these unfolding events were the students who have been training in the field of communication and broadcasting. The campus and the communities within the reach of the DZLB radio have served as their laboratories. Through the School-on-Air and other programs, knowledge and information were broadcasted to the DLZB listeners who are farmers, housewives, out-of-school youth and students with the end in view of helping them raise their agricultural produce and eventually increase their income and improve the people's quality of living.

The UPLB-DevCom also plans to have an online television-radio to expand and increase their reach among their listeners and viewers inside and outside of the UPLB campus.

## Pagsasahimpapawid ng radyo sa komunidad

Nilalaman ng papel na ito ang mga pangyayaring naganap sa kasaysayan ng pagbubuo ng konsepto, pagtatayo, pagpapatakbo, paghinto sa pagsasahimpapawid, muling pag-ere, at pagpapalakas pa ng radyo ng Unibersidad ng Pilipinas-Los Baňos (UPLB), tinatawag na DZLB simula gitnang bahagi ng ika-20 hanggang unang bahagi ng ika-21daantaon.

Una, layunin ng papel na matunton ang tinahak nitong landas kasabay ng pag-unlad ng UPLB mula sa pagiging College of Agriculture (College ang tawag ng lahat hanggang ngayon sa kanto ng crossing sa UPLB at pangunahing landmark sa Laguna) hanggang sa maging autonomous campus ito.

Pangalawa, nilalayon nitong makita ang naging papel na ginampanan ng community broadcasting sa pagpapaunlad ng kabuhayan at kalusugan ng mga tagapakinig kasabay ng mga nagaganap na pagbabago sa lipunan. Mababasa sa papel ang mga hamong hinarap ng DZLB bilang Radyo ng Kaunlaran ng UPLB at kung paano ito naigpawan sa paglipas ng panahon sa ilalim ng iba't ibang pamunuan sa gitna ng mga pangyayaring pang-ekonomya at pampolitika sa bansa.

Ikatlo, nais ipakita sa papel kung paanong ginawang laboratoryo ng UPLB-College of Development Communication ang DZLB tungo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ng mga panlipunang suliranin at teknikal na aspekto ng pagsasahimpapawid sa radyo. Makikita rin dito ang papel na ginampanan ng College of Agriculture sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga mamamayang naaabot nito sa pamamagitan ng mga impormasyon at kaalamang ibinabahagi nito sa himpapawid hinggil sa pagsasaka at paghahayupan. Gayundin, ang naging ebolusyon ng komunikasyong pangmadlang siyang pangunahing mandato ng ngayo'y College of Development Communication (CDC o DevCom).

Historikal ang lapit sa pagsasagawa ng papel at gumamit ng mga primaryang batis mula sa archive ng UPLB, sekundaryang batis mula sa mga aklatan ng UPLB at DevCom, pati panayam sa mga opisyal ng Unibersidad, DZLB station managers at dean ng CDC.

## Ang DZLB bilang tagapagbandila ng kaunlaran

Pangunahing layunin ng DZLB ang maging tulay sa pagpapaunlad sa indibidwal na mag-aaral at pagdadala ng kabatirang pangmadla sa mga nakikinig na mga mamamayan patungkol sa pagpapabuti ng agrikultura, pagpapaunlad ng kabuhayan, at marami pang iba.

Akma sa pagpapaunlad ng pakikipagtalastasan upang maabot ang simulain at layunin nito ang pagpapakahulugan ni Everett Rogers (1983) sa teorya ng komunikasyong Diffusion of Innovations na nagsasabing:

> Diffusion is the process by which an innovation is communicated through certain channels over time among the members of a social system. It is a special type of communication, in that messages are concerned with new idea. Communication is a process in which participants create and share information with one another in order to reach a mutual understanding. (Rogers, 1983, para. 2)

Naniniwala si Rogers (1983) na may "convergence" at "divergence" ang palitan ng impormasyon ng dalawang indibidwal o grupo ng mga tao upang makapagpadaloy at sumulong sa kani-kaniyang layunin o sa pinag-isa mang layunin. Isa itong "linear act" sa pinakasimpleng pagtingin, kung saan dumadaan ang isang proseso ng pagbabago sanhi ng isang "change agent" sa pakikipagtalastasan.

Sa pagbibigay ng impormasyon sa himpapawid, halimbawa, hinggil sa paglalagay ng pataba sa halaman at kung paano ito pamumungahin, nakatutulong ito sa mga magsasaka sa Laguna at mga kanugnog-pook na naaabot ng radyo sa pagpapataas pa ng kanilang ani. Gayundin, naibabahagi ng mga mag-aaral ng UPLB ang mga resulta ng eksperimento at siyentipikong pananaliksik kaugnay sa pagpapabuti pa ng agrikultura sa pamamagitan ng DZLB (Librero, 1985).

Sa paglulunsad ng gawaing pangkomunikasyon, naiaangat higit sa anupaman ang kamalayan at kabuhayan ng mga komunidad na naaabot ng DZLB. Sabi nga ni Professor Emeritus Felix Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019), naging station manager ng DZLB sa panahong itinatayo ito: "Hindi madali ang gawain ng broadcaster. Mga 30 porsiyento lamang ang nakalaan sa oras namin para sa broadcasting; ang 70 porsiyento ay para sa legwork."

Makikita ang pagiging "change agent" ng DZLB sa mga sektor ng kabataan, kababaihan, magsasaka, at iba pang karaniwang mamamayang naaabot nito (Librero, 1985). Ayon sa kanya, may nakuha naman itong mahalagang aral hinggil sa pagkilates pa sa audience o tagapakinig bagaman nabigo ito sa sektor ng mangingisda. Idinagdag pa niyang mahigpit na nakaugnay ang community broadcasting sa pag-aangat ng kamalayan ng mga indibidwal tungo sa sama-samang pagkilos . Sinabi pa niyang pinatunayan ito ng mga nakalap na karanasan ng mga broadcaster sa larangan.

## Simula ng UPLB, tahanan ng DZLB

Sa bisa ng Act 1870 na ipinasá ng Unang Lehislatura ng Pilipinas, itinatag ang University of the Philippines upang magtuon sa literatura, pilosopiya, siyensiya, sining, propesyonal, at teknikal na pagsasanay ng mga karapat-

dapat na Pilipinong mag-aaral (Bernardo, 2007). Bumili agad ang pamahalaan ng 72.63 ektaryang lupa sa paanan ng Mt. Makiling sa Los Baños, Laguna, wika niya. Sinabi pa niyang umupa rin ang UP ng isang malaking bahay sa Calle San Sebastian (R. Hidalgo ngayon sa Quiapo) upang gawing Escuela de Bellas Artes (School of Fine Arts). Ipinaliwanag pa niyang ginawang UP College of Medicine and Surgery ang dating Philippine Medical School.

Taong 1909, naitalagang Dean ng College of Agriculture si Edwin Bingham Copeland na naunang nasa Los Baños, Laguna na at nagpapasimuno na sa larangan ng pagpapaunlad sa agrikultura (Bernardo, 2007).

Sa bisa ng Act 2730 na nilagdaan ng Philippine Legislature noong 4 Pebrero 1918, naglaan ang pamahalaan ng PHP 125,000 sa pagtatayo ng isang "experimental station" ng Amerika sa Pilipinas (The Philippine Agriculturist and Forester, 1918). Sinabi sa dokumentong ito na inaasahang magsusulong ng mga patakaran ng Amerika ang Pilipinas kaugnay ng agrikultura, kalakalan at reporma sa lupa. Anang dokumento pa, naging katuwang ang University of the Philippines College of Agriculture (UPCA) sa pagpapaunlad ng mga gawain nito sa agrikultura at panawagan ng pamahalaan sa reporma sa lupa, isang suliraning nakita na noon pang narito sa bansa ang mga mananakop ring Espanyol. Sinabi pa rito na naging tagapagpatupad ang UPCA ng mga plano ng Amerika at inilarawan ito ng pamahalaang Amerikanong "first University College of Agriculture founded in the tropics of the world."

Sa taon ding ito (1909) nagsimulang pumasok ang 12 lalaking estudyante sa UPCA upang tumugon sa pangangailangan ng Pilipinas na paunlarin ang agrikultura sa siyentipikong pamamaraan (The Philippine Agriculturist and Forester, 1911). Sinabi rin sa journal na ito na nagtanim sila sa sari-sarili nilang plots na pinagkunan nila ng pagkain at pandagdag na allowance sa perang manggagaling sa naibenta nilang mga pagkain at gulay. Idinagdag pa nitong nakatira sila sa dormitoryong yari sa kawayan, kahoy at pawid na bubong. Isang kahoy na gusali ang silid-aralan nila, saad pa rito. Ipinahayag pa ng dokumento na paglipas ng panahon, nagdagdag ng mga tent galing sa Amerika na nagsilbi ring silid-aralan kalaunan sa pagdami ng mga mag-aaral. Nawasak ang mga naitayong gusali sa UPCA pagpasok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Huminto ang pag-inog ng buhay sa kampus sa loob ng tatlong taon. Ngunit muli itong bumangon mula sa alabok simula 1947 (Bernardo, 2007).

## Pagpapalaganap ng impormasyon sa pamamagitan ng UPCA Department of Agricultural Information and Communication

Umusbong ang pangangailangan sa pagpapabatid ng mga gawaing agrikultural at pangkaunlaran kaya nanganak ang UPCA ng isang

departamentong nakatutok sa kabatirang pangmadla. Tinawag itong Department of Agricultural Information and Communication (DAIC). Nagtaguyod ito ng mga programang pansakahan at reporma sa lupa sa mga nasasakupang bayan ng Calamba, Cabuyao, Los Banos, at Bay sa simula (College of Agriculture, 1970b).

Nagbunsod ang pagkabuo ng UPCA-DAIC ng pagkatayo ng Luzon Community Development Training Center noong 1956 (College of Agriculture, 1956). Iniulat ritong naging lunsaran ito ng pagpapaunlad ng kakayahan at kaalaman ng mga benepisyaryo sa 32 lalawigan sa Luzon kasama ang Mindoro at Palawan. Sa ganitong pangyayari, naging pangangailangan ang radyong magbabalita sa publiko ng mga resulta ng mga pag-aaral at pananaliksik sa UPCA.

Iniulat pa rin sa dokumentong ito na taong 1963 nang tumanggap ang College of Agriculture ng grant mula sa Agricultural Development Council sa halagang USD 7,710 para sa pagtatayo at pamamalakad ng estasyong panradyo sa loob ng kampus ng UPCA. Idinagdag pang bukod sa mga impormasyong pansaka, panghahayupan at anumang may kaugnayan sa agrikultura, nagplano ring magkaroon ng mga pangkalinangang programa at educational entertainment para sa akademikong komunidad at mga nakapaligid na pook na maaabot ng radio (College of Agriculture, 1973).

Ayon sa tala, nagplano ang mga opisyal ng UPCA, sa ilalim pa rin ng Department of Agricultural Information and Communication, na itatag ang DZLB upang makatuwang ng College of Agriculture sa pagpapaabot ng kabatirang pangmadla kaugnay sa pagpapalawak ng kaalamang agrikultural sa pamamagitan ng radio. Tinawag na *Ang Tinig ng Kaunlaran* (Librero, 1981), sinabi niyang layunin nitong matulungan ang mga magsasaka at iba pang nasa mababang saray ng lipunang Pilipinong maiangat ang kabuhayan.

Pinamahalaan ito ng Farm and Home Development Office na nagsasagawa ng pag-aaral hinggil sa mga pangangailangan ng publiko sa usaping komunikasyong may kaugnayan sa agrikultura (UPCA, n.d.) Nagpunta ang mga mag-aaral sa komunidad upang tanungin kung anu-ano ang gusto nilang matutuhan, anu-ano ang kailangan nila kaugnay sa pagpapabuti ng kabuhayan, at mga mungkahi upang lumaki ang kanilang kita sa pagsasaka at paghahayupan.

## Pagsilang ng DZLB

Sa panahon ni Dean Dioscoro Umali, naitatag ang College of Development Communication sa ilalim ng kanyang Five-Year Development Plan mula 1959 hanggang 1964 (Librero, 1985). Sa panahon niya nagkaroon ng International Rice Research Center, Southeast Asia Research Center for

Agriculture, at Department of Food Science and Technology. Kapanabayan nito ang pagtataguyod sa DZLB.

Sa pagsisimula ng gawaing radyo, gumawa ang DZLB bilang College Radio Station ng bagong programang isinahimpapawid: 30 minutong programang pansakahan at 15-minutong pantahanang programa (College of Agriculture, 1968). Ayon sa dokumento, nagsagawa rin ito ng mga seminar-workshop hinggil sa broadcasting. May lakas na 5 kilowatts na nasa AM sa frequency na 1116 kilohertz, opisyal itong narinig sa himpapawid dala ang programang *Ang Tinig ng Nayon* noong 2 Agosto 1964, mula Lunes hanggang Biyernes, mula ika-1:00 hanggang ika-6:00 ng hapon, saad pa rito. Islogan nito ang: "Radyo DZLB: Ang Tinig ng Kaunlaran, 1116 khz," anang tala.

Umaabot ang signal nito sa 30 kilometrong layo sa Biñan sa hilaga at sa Pila sa timog (Librero, 1985). Sinabi niyang mula nang magsahimpapawid ito, nakatanggap lamang ang programa ng limang liham na nagbibigay ng komento hinggil sa agrikultura. Sanhi ito ng maliit na abot ng transmisyon ng radyo at kabiguang magsagawa ng kampanyang promosyon sa mga batayang komunidad na siyang target na tagapakinig ng DZLB, ani Librero. Dagdag pa niya, nagbigay ng impormasyon ang mga naunang programa samantalang taped programs naman ang nasa dulong hapon. Sinabi pa sa artikulong ito na nakita ng DZLB ang pangangailangang mangampanya at ipakilala ang radyo sa mga mamamayan sa komunidad kasabay ng pag-oorganisa sa mga tagapakinig dahil sa ganitong karanasan.

## Rural Homeowners at Mothers Club Hour

Sa mga personal na panayam kay Librero (Enero 15, 2019), inilahad niya na humiling ang isang grupo ng mga ginang ng tahanan sa Calamba, na tinawag ang sariling Mothers' Club, na magkaroon ng programa sa DZLB noong 1968. May regular na programang pangkalusugan ang Comprehensive Community Health Program (CCHP) ng UP College of Medicine na gumagabay sa kanila, pagpapatuloy nito. Isang proyekto itong naglalayong magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga pook na kaya nitong abutin sa mga lalawigan .

Bilang pagbibigay sa kanilang kahilingan, nagkaroon ang Mothers' Club ng airtime sa DZLB sa pamumuno ng kanilang pangulo na si Andrea Esguerra (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Ayon kay Librero, matapos ang dalawang buwang pakikipagpulong at pakikipagplano sa mga ina ng tahanan, sumahimpapawid ang *Oras ng Mothers' Club* (Mothers' Club Hour). Nagbigay ng mga babasahin para sa pagsasahimpapawid pati na co-broadcaster ang Mothers' Club. Noong una, DZLB staff ang lead broadcaster ng programa, ayon pa sa artikulo. Kalaunan, si Aling Andeng,

tawag bilang paggalang sa pangulo ng Mothers' Club, ang siyang naging pangunahing broadcaster na nagsahimpapawid ng tinig ng mga kababaihan sa DZLB, ayon pa sa tala.

Dagdag pa ni Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019) na nagsulat si Aling Andeng ng isang kantang inawit naman ng mga kasaping kababaihan at inirekord mismo sa DZLB. Ito na ang naging signature song na pinatutugtog sa Oras ng Mothers' Club. Nanawagan at nangampanya rin ang mga kasapi ng samahan para makinig sa radyo ang kanilang mga kabarangay at iba pang karatig-barangay, ayon sa awtor. Resulta nito ang pagkakabuo nila ng pederasyon ng kababaihan sa lalawigan ng Laguna, ang Federation of Mothers' Clubs, dagdag pa niya. Nabuhay ang programa nila sa radyo simula nito.

Kaalinsabay ng paglawak ng kasapian ng pederasyon ang paglaki rin ng bilang ng nakikinig sa DZLB (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). At kasabay rin ng pagdami ng nakikinig sa programa ang pag-unlad ng kalusugan ng mga pamilya. Bumaba ang bilang ng nagkakasakit at natuto sila kung paano ang gagawin sa mga pagkakataong may lagnat, at ng mga pangunahing lunas habang dinadala sa pagamutan o doktor ang may sakit, anang tala. Pinatutunayan ito ni Aling Andeng. Sinabi niyang sa program ng Oras ng Mothers' Club nila ito naririnig at matama silang nakabantay sa DZLB nang "100 percent" mula sa signing on at signing off nito, anang ulat pa. Patotoo rin ito sa mga kanugnog-barangay na may mga Mothers' Club din.

## Oras ng Maggagatas

Sa pagpapatuloy na kwento ni Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019), sinabi niya na nangampanya ang Dairy Training and Research Institute (DTRI) para mapataas pa ang suplay ng gatas mula sa mga nag-aalaga ng baka at maggagatas sa Radio DZLB noong 1967. Idinagdag pa niyang katuwang ng Los Banos Milk Collection Scheme (LBMCS) ang DZLB sa pagpapalaganap sa mga magsasakang naggagatas ng kalabaw ng wasto at malinis na pangongolekta, at pagpapataas sa produksiyon ng gatas. Itinala pa niyang "family-oriented" ang LBMCS, isinulong ito bilang proyekto ng Dairy Training and Research Institute (DTRI) at tinatawag na ngayong DTRI Milk Collection Project.

Iniulat nina Cynthia Taguiamon at Antonio Frio (Librero, 1985), kapuwa taga-Department of Development Communication noon, na may mahigpit na ugnayan ang LBMCS at DZLB sa pagpapatupad at tagumpay ng proyekto ng DTRI. Iniulat niyang sa pamamagitan ng pagsasahimpapawid, naibabalita sa radyo ang mga impormasyong teknikal hinggil sa pagpapaunlad ng lokal na industriya ng sariwang gatas mula sa mga kalabaw at baka. Sinasagot ng

DTRI sa pamamagitan ng Oras ng Maggagatas sa DZLB ang mga sumusunod na katanungang madalas na itanong sa mga scientists: “Nakaaapekto ba sa anak ng baka ang pagkukuha ng gatas ng inang baka? Maaari bang kumain ng damo ang bagong sílang na baka?” (Librero, 1985, n.p.)

Nagsilbi ring bulletin board ang DZLB ng mga gawain ng tinatawag na “barrio cooperators” o “farmer co-operators,” tinatawag sa wikang Tagalog na kaugnay, siyang may tangan ng mga baka at kalabaw at tagapagpatupad ng proyekto patungkol sa paggagatas (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Ibinabalita ng DZLB kung saan-saan na may mga “milking barn” sa iba’t ibang baryo sa Los Baños at iba pang bayan ng Laguna.

Idinagdag ni Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019) na nagbabahagian rin sila ng mga payo kung paano mapatataas ang produksiyon ng sariwang gatas. Halimbawa, nanawagan sa radyo ang isang kaugnay na maglagay ng yelo sa malinis na plastic bag at maingat itong ilagay sa sariwang gatas ng kalabaw, aniya. Idinagdag niyang ganito pala ang ginagawa ng mga maggagatas ng Rizal para mapanatiling sariwa ang dala nilang gatas patungong DTRI.

Paraan rin ng babala ang DZLB. Halimbawa ng isang panawagan sa maggagatas: “Gusto ko pong ipaalam sa nakalimot na may-ari ng kalabaw na talian ang hayop sa gabi. Ilang araw nang nakikitang kumakain ng halaman sa bukid ang nakakawalang kalabaw sa Barangay Silangan. Baka may mangyaring masama sa kalabaw kapag nahúli,” anang babala.

Gayundin kapag may pesteng umatake sa mga kalabaw. Ibinalita ng magsasakang taga-Bayog, isang baryo malapit sa UPLB, na may foot-and-mouth disease ang mga kalabaw sa nabanggit na pook (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Upang masugpo nang maagap ang peste, pinayuhan ang mga magsasaka, sa pamamagitan ng DZLB, na dalhin ang kanilang mga kalabaw sa kamalig ni Mang Antonio kinaumagahan upang kagyat na mabakunahan ng mga beterinaryo, kuwento niya.

Sa pamamagitan rin ng DZLB, nakababati ng maligayang kaarawan, nakapapanawagan sa kapulong na wala pa, nakahihiling ng mga awitin at nakapagbibigay pa ng dedikasyon ang mga tagapakinig sa kanilang mga kaibigan at mahal sa buhay. Sa pamilya ang tutok ng DZLB bilang tagapakinig nito.

## Oras ng Mangingisda at ang kabiguan nito

Ayon kay Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019), nilapitan ng lokal na opisina ng Philippine Fisheries Commission (PFC) ang DZLB upang humingi ng tulong kaugnay sa 90-ektaryang Laguna de Bay, ang pinakamalaking lawa sa buong Pilipinas. Papataas ang bilang ng mga palaisdaan at mga fishpond operator sa Laguna at mga lalawigan ng Rizal

noong 1970, anang ulat. Matapos ang isang buwang matamang pagpaplano, inilunsad ang *Oras ng Mangingisda*, dagdag niya. Maayos ang naging takbo nito hanggang sa magtakda ang PFC ng mas pormal na programang paaralan sa himpapawid ("school-on-air"), wika niya. Sinabi pa niyang bagaman nababahala, sinubukan pa rin ng DZLB na ituloy ito dahil isa na namang pagkakataon itong maabot ang mga nangangailangang mangingisda.

Matapos ang dalawang buwang pagpupulong, naglunsad ang DZLB ng paaralan sa himpapawid para sa mangingisda. Nakahanda na ang mga pag-aaral na ibibigay at nakarekord na rin ang mga ito. Nagsagawa ng survey sa Seven Lakes, San Pablo City sa Laguna at dito, 70 porsiyento ng mga fishpen at fishpond operator ang nagpahayag ng kagustuhang matuto sa teknolohiyang pangisdaan (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Gayunpaman, matapos ang ilang linggong pagsasahimpapawid, natuklasan ng DZLB sa spot check na isinagawa nito na 10 porsiyento lamang ang nakikinig sa programang *Oras ng Mangingisda*, paliwanag niya. Ipinahinto ng DZLB ang programang ito.

Anu-ano ang dahilan ng kabiguan ng *Oras ng Mangingisda*? Ayon sa papel ni Prof. Felix Librero (1985), nakatakdang mahinto ang programa dahil: Una, interesado lamang ang mga fishpen at fishpond operator sa fingerling na ibinibigay ng PFC, paliwanag niya. Pangalawa, hindi nananalig ang mga fishpen at fishpond operator na makatutulong ang radyo sa pagpapataas ng produksiyon ng isda, dagdag pa niya. Ito ang dahilan kung bakit wala silang interes dito. Pangatlo, iniulat niyang hindi nasuri ng DZLB na mayaman ang karamihan sa mga fishpen at fishpond operator. Anya pa, libangan lamang nila ang pangingisda at hindi pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan. Ikaapat, hindi sang-ayon ang mga fishpen at fishpond operator sa pagbubuo ng kooperatiba dahil tubo o kita ang hanap nila, sa pangunahin, ayon sa ulat.

Mula sa karanasang ito, may mahalagang aral na natutuhan ang DZLB: Kailangang nakabatay sa pangangailangan ng mga tagapakinig ang programang ilulunsad nila at hindi simpleng dahil lamang sa kagustuhan ng mga ahensiya ng pamahalaan.

## Tungkulin ng brodkaster na makilahok

Hindi lamang mga isyung pagsasahimpapawid ang nilahukan ng DZLB. Ayon pa rin sa papel ni Librero (1985), nagsilbing tagapamagitan ang radyo sa hidwaan ng mga magsasaka at mga may-ari ng lupa sa Barrio Putho, Los Baños noong 1969. Tatlong magsasaka ang humingi ng tulong sa DZLB upang maghayag ng kanilang suliranin: Una, pinapaalis sila ng mga may-ari ng lupang kanilang sinasaka upang makaiwas sa Land Reform Law, ayon kanya. Pangalawa, lumilipat ang mga peste ng palay sa kanilang bukid kapag

nag-iisprey ng insecticide ang International Rice Research Institute (IRRI) sa kanilang experimental field, dagdag niya.

Nagtakda ng panahon ng pag-uusap ang DZLB sa pagitan ng mga taong nasasangkot sa suliranin. Kinilala ng IRRI na lehitimo ang suliranin ng mga magsasaka ngunit wala silang magagawa dahil isinasagawa nila ang eksperimento sa pag-asang magkakaroon ng mataas ng ani ng palay pagkatapos, paliwanag niya. Nangako ang IRRI na gagawing priyoridad nila ang mga magsasaka sa pagbabahagi ng bagong variety para sa maramihang ani ng palay, ayon sa tala. Natuwa naman ang mga magsasaka at nakontento sa mga ibinigay ng IRRI sa kanila, ani Librero.

Samantala, sinabi sa ulat na nagkasundo ang mga magsasaka at mga may-ari ng lupa pagkatapos makarating sa korte ang kaso. Nagkaroon ng kasunduan sa magkabilang panig, saad niya. Ipinahayag niyang hindi na pinaalis sa kanilang lupang sinasaka ang mga magsasaka.

## Personal na karanasan ng DZLB Station Manager

Isang retiradong empleyado ng pamahalaan si Sangguni Flores na humingi ng payo sa DZLB patungkol sa kaniyang kalahating ektaryang taniman ng ubas na hindi niya pinapakinabangan noong 1976 (Librero personal na panayam, Enero 15, 2019). Isinalaysay niyang nasayang ang malaking halagang ginastos niya rito sa loob ng dalawang taon dahil sa peste at sakit ng halaman. Nag-atubili siya dahil wala siyang kakilala rito ngunit naglakas ng loob na rin nang hinikayat ni Josue Villanueva, isang tagapakinig: "Basta magpunta ka lang at tutulungan ka roon" (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Nakita siya ni Prof. Librero na nagbabasa ng mga pangalan sa mga pinto ng opisina sa DZLB. Kinontak ni Dr. Librero ang Department of Plant Pathology upang bumisita sa ubasan ni Flores, anang ulat. Dahil malala ang problema, iminungkahi ng plant pathologist na gawing pilot research study ng College of Agriculture ang ubasan para sa produksiyong komersiyal sa lalawigan ng Laguna, ayon sa panayam.

Matapos ang ugnayan ng UPCA, DZLB, at ni Flores, nalutas ang suliranin niya sa ubasan. Namulaklak at namunga ito. Bumalik si Flores sa DZLB upang imbitahin ang team na tumulong sa kaniya, kuwento pa ni Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019). Ipinamimigay niyang lahat sa kanila ang unang ani ng ubas. Ikinuwento sa panayam na tinanggihan ito ng team at sinabi sa kaniyang masaya na sila sa naging resulta ng kanilang pagtutulungan.

## Mga Suliraning Kinaharap ng DZLB

Dahil sa rekomendasyon ng isang konsultant mula sa Cornell University na wikang Ingles ang gamitin, naging Ingles na ang mga programa sa radio (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

Idinagdag pa niyang pinalitan din ang oras ng pagsasahimpapawid mula ika-apat ng hapon hanggang ika-10 ng gabi mula Lunes hanggang Sabado. Ipinaliwanag niyang isa sa mga dahilan ang mahinang signal sa pag-dial sa AM kung kaya hindi mahagilap ang DZLB. Idinagdag pa niyang mula sa 1200 khz na may lakas na 250 watts, napalitan ito sa 1116 khz noong 1978.

Ngunit ipinaliwanag ni Professor Felix Librero (1985), dating DZLB chairman, na nawalan sila ng mga suking tagapakinig sa radyo nang pinapalitan ang dating gamit na wika tungo sa Ingles. Dahil mga magsasaka at mga agricultural technician ang mga pangunahing tagapakinig ng DZLB, nawala ito nang magsahimpapawid ng mga resulta ng mga pananaliksik ang UPCA pa noon sa wikang Ingles, paliwanag pa niya.

Ilang halimbawa sa mga ito ang mga sumusunod (UPCA, n.d.):

> Parasites reduce profits
> Some reminders for good successful vaccination
> Tips for tobacco growers
> Proper irrigation gives higher yields
> Better quality leaves
> Low potassium causes lodging in corn
> Tips from abroad—feed urea to beef cattle
> UPCA receives P11,700 Grant –in-aid
> Why do some eat their young?
> Let us conserve plant foods in our soils
> Supplement rations for poultry
> For the homemaker: remedial measures in cooking. (n.p)

"Malinaw para sa amin kung sino ang tagapakinig ng DZLB," ani Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019). Ipinaliwanag niyang kilala ng DevCom ang kanilang mga tagapakinig: May tatlong programa silang nakatuon sa magsasaka, sa mga ginang sa tahanan, at sa mga kabataan (out-of-school youth) sa lalawigan kung kaya hindi dapat wikang Ingles ang ginagamit, sabi niya. Isinaad niyang agad na ibinalik ang pagsasahimpapawid ng mga programa sa radyo sa wikang Filipino.

## Ang mga tagapakinig ng DZLB

May mga "Schools-on-Air" ang DZLB na umaabot sa mga magsasaka, mga ginang ng tahanan, at kabataan. Gayundin, nagkaroon ito ng mga programang pangkalusugan sa ilalim ng Health Program ng UP College

of Medicine sa Manila (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Bahagi ito ng internship ng mga mag-aaral sa medisina noong 1970. Nasa himpapawid ito nang tatlong beses sa isang linggo, 30 minuto kada hapon. Bukod dito, nadagdagan ng programang Págatasán kung saan may kolaborasyon ang mga taga-UPLB Institute of Animal Science at CDC, anya pa. Idagdag pa ang programang pantahanan sa pamumuno ng pinuno ng Mothers' Club na si Andeng Esguerra (College of Agriculture, 1973).

May Land Reform Project Team Technician ang DZLB na naglalabas ng tatlong programa noong 1970: RIC sa Himpapawid, 4-H Club at Balitang Pambukid. Nangangahulugan ang 4-H na "head, heart, hands and health" na isinusulong ng Amerika (Librero, 2019). Binubuo ng mga lider sa komunidad at agriculturist ang mga club na ito na nakatutok sa walong pangunahing larangan: pagmamanukan, babuyan, paghahalaman, pagkain at nutrisyon, pananamit, mga pantahanang industriya, tanim sa palayan, at pag-aayos ng tahanan.

## Mga subject sa UPLB kaugnay sa pagsasahimpapawid

Unang nagkaroon ng subject na Agricultural Communication 11 (Radio Writing) ang College of Agriculture . Naglabas ng teaching syllabus hinggil sa gawaing panradyo at inihandang ilimbag para sa unang semester noong akademikong taong 1964-1965 (College of Agriculture, 1965).

Narito pa ang mga subject sa broadcasting na kinukuha ng mga mag-aaral noon, ayon sa University of the Philippines College of Agriculture Executive Report na may taong 1969—1973 (College of Agriculture, 1973).

> Agricultural Communications 135 – Program Production for Rural Radio – Preparation and production of news, discussion, interview, drama, documentary and special events programs for a rural audience. (p. 10 )
>
> Pre-requsite: Agricultural Communications 35 - Fundamentals of Agricultural Broadcasting, Fundamentals of Broadcasting, Fundamentals of broadcasting practices in planning and presenting programs; or consent of Instructor, 5 hours a week (2 classes, 3 lab); credit: 3 units. (p. 10 )
>
> Agricultural Communications 30 (Formerly Agricultural Communications 102: Introduction to Agricultural communication. (p. 10 )

Pinangatawanan pa rin ng DZLB ang pilosopiya nitong maglingkod sa sambayanan sa panahong napatalsik na si dating Pangulong Ferdinand Marcos. Naging paraan ang estasyon ng radyo upang makapagsanay pa rin ng mga magsasaka, kabataan, kababaihan, at mga pamilya sa lalawigan sa non-formal education (Gomez, et al, 2007). Mayroon itong 35 programang may mga sumusunod na katangian: 20 (57.14%) informational; 4 (11.43%) educational/informational; 11 (31.43%) entertainment/informational (DZLB Brochure). Sa 35 programa, 18 (51.43%) ay ginawa ng DZLB staff; 12 (34.29%) ay gawa ng ibang ahensiya katuwang ang DZLB; 2 (5.71%) ay gawa ng mga mag-aaral sa broadcasting; at 3 (8.57%) ay gawa ng iba pang ahensiyang isinahimpapawid sa pamamagitan ng DZLB na karaniwang mga non-governmental organization (Gomez, et al, 2007).

Katuwang rin ng DZLB sa mga pagsasahimpapawid nito ang mga lokal na pamahalaan, ahensiya ng gobyerno, Federation of Mothers' Clubs, Elementary Schools of Los Banos, UP Rural High School, Agricultural Credit and Cooperative Institute, Dairy Training and Research Institute at maraming pang iba (Institute of Development Communication, 1987).

Tagumpay ang DZLB sa pagsasahimpapawid nito ng 30 programang School-on-the-Air na nagtuturo ng dairy farming, produksiyon ng bigas, pangangalaga sa kalusugan ng ina at bata, halamang gamot, pest management, kooperatiba sa lalawigan, tamang pagtatapon ng basura at iba pa, saad sa brochure. Idinagdag pa nitong humigit-kumulang 13,000 magsasaka ang nagtapos sa paaralan sa himpapawid ng DZLB. "Kasama namin sa pagsasahimpapawid si Ka Louie Tabing." May halong lungkot ang tinig ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019) dahil sa pagpanaw ng kilalang agriculture broadcaster noong 2018.

## Ang UPCA na naging UPLB: Bagong anyo ng DZLB

Isa pa ring kinaharap ng DZLB ang suliraning teknikal. Mahina noong una ang transmisyon ng signal sa mga baryo ng Laguna kung kaya nagplano ang estasyong maglagay ng mas magandang antena at ground system sa loob ng kampus ng UPCA noong 1966 (DZLB, 1966).

Ayon sa brochure, nagkaroon ng mga sumusunod na programa ang DZLB:

| PM | Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday |
|---|---|---|---|---|---|
| 4:00 | Platter Parade | Musical Patterns | Platter Parade | Musical Patterns | Platter Parade |
| 5:00 | Today's Headlines | Today's Headlines | Today's Headlines | Today's Headlines | Today's Headlines |
| 5:05 | Woman Talk | Himig ng Lahi | Woman Talk | Himig ng Lahi | Woman Talk |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 5:30 | Serenade at Sundown | Serenade at Sundown | Serenade at Sundown | Serenade at Sundown | Serenade at Sundown |
| 6:30 | Dear DJ - Part I | Dear DJ - Part I | Dear DJ - Part I | Dear DJ - Part I | Dear DJ - Part I |
| 7:00 | Campus Newscast | Campus Newscast | Campus Newscast | Campus Newscast | Campus Newscast |
| 7:05 | Dear DJ – Part II | Dear DJ – Part II | Dear DJ – Part II | Dear DJ – Part II | The Latin Touch |
| 7:30 | Student close-up | Science Review | Executive Desk | Science Review | Forestry Report |
| 7:45 | Musical Folkways | Book of the Week | Executive Desk | Perspective | Music from America |
| 8:00 | Cavalcade | Concert Theater | Concert Theater | Concert Theater | USIS Music Hour |
| 9:00 | Campus Newscast | Campus Newscast | Campus Newscast | Campus Newscast | |
| 9:05 | Silhouettes and Stardust | Silhouettes and Stardust | Silhouettes and Stardust | Silhouettes and Stardust | Silhouettes and Stardust |
| 10:00 | Sign off | Sign off | Sign off | Sign off | Sign off |

Narito naman ang mga pangalan ng DZLB staff noong 1966:

Voltaire R. Gungab – Head, Radio Section; Station Manager
Emma S. Henry – Station Supervisor; Program Coordinator
Arturo S. Orig – Traffic Manager; In-charge, Special Events
Ely R. Arañas – Technician
Lina M. Rodriguez – Newswriter
Leonila S. Cortez – Announcer
Menandro M. Orlido – Assistant Technician
Rosalinda S. Tijam - Announcer

Ayon sa ulat ni Ponciano Dela Paz (personal na panayam, Peb. 15, 2019), DZLB Station Manager mula 1968 hanggang 1970, nangailangan ng staff na may background sa radio rural work ang UP College of Agriculture noong 1968. Ayon pa sa press release, inatasan ang dalawang technician na paunlarin at gawing lokal ang gawaing radyo upang maging epektibo ito sa gawaing ekstensiyon ng Kolehiyo.

Kasabay ng pagpapaganda ng signal ng transmitter noong 1968, dumalaw ang DZLB staff sa Philippine Broadcast-ing Company Incorporated sa Manila. Sinuri rin nila ang gawaing pagsasahimpapawid sa Bacolod City; sa estasyon ng DYSR sa Silliman University; sa estasyon ng radyo sa Dumaguete

City; at sa estasyong DYFL sa Iloilo City upang pag-aralan ang produksyon at mga teknik sa pagsasaprograma (Dela Paz, 1971).

Gayundin, nagsimula nang isagawa ang pagbubuo ng mga patakaran sa pamamalakad ng estasyon; kung paano gagamitin nang maayos ang DZLB studio, pati filing system at paghiram sa mga supplies ng DZLB (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

Noong January 1970, nagbitiw sa kaniyang tungkulin bilang Dean ng UPCA si Dr. Dioscoro Umali at inirekomenda niyang pumalit sa kaniya bilang Dean si Dr. Faustino T. Orillo na siyang Director of Research noon (Bernardo, 2007). Sinabi pa rin niyang naging Assistant General ng Food Agricultural Organization for Asia and the Far East at naging FAO Regional Representative si Dr. Umali.

Iminungkahi sa UP Diliman noong alisin ang posisyong Vice-President for Los Baños. Naging interim Vice-President si Dr. Domingo Lantican, UP College of Forestry Dean, sa pamamagitan ng mungkahi ni Dr. Umali, saad pa niya. Idinagdag pa niyang inaprobahan ito ng UP Board of Regents noong 29 July 1971 ngunit hindi pumayag ang Board of Regents na maging permanente itong posisyon. Naganap ito sa ilalim ng panunungkulan ni Carlos P. Romulo bilang Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas.

Isa sa mga magulong panahon sa Pilipinas ang panahon ng Martial Law. Lumalakas ang mga pagtuligsa at paglaban sa pamahalaan ng dating Pangulong Ferdinand Marcos. Kabi-kabila ang mga welga, pagpipiket at demostrasyon ng mga mamamayan at mga estudyante sa university belt, UP Manila at UP Diliman. Nagkaroon ng 13 araw na strike sa gate ng UPLB, nakarating sa crossing ng national highway at Lopez Avenue ang barikada dahil sa pagtataas ng gasolina noong 1971 (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

Nang suspendihin ni dating Pangulong Marcos ang writ of habeas corpus at alisin niya ang Kongreso at magsimulang mag-isyu ng mga Letters of Instruction at Presidential Decrees, sinamantala ng grupong tinatawag na "Young Turks," sa pamumuno ni Dr. Fernando Bernardo, ang paghiwalay ng UPCA sa UP Diliman dahil sa maraming "unfair at unjust treatments " (Bernardo, 2007) katulad halimbawa ng hindi pagre-release ng budget ng UP Diliman sa UPCA. Nag-draft ng position paper ang mga aktibista sa UPCA upang humiwalay na sa UP Diliman.

Matapos ang mahabang diskurso at botohan, pumirma si dating Pangulong Marcos sa PD 58 na nagbibigay ng "full autonomy sa UPCA at naging UPLB ito sa ilalim ng isang Board of Regents sa buong UP System noong 1972" (Bernardo, 2007). Isinaad rin niyang ang UPLB ang naging kauna-unahang UP unit na pinamunuan ng isang Chancellor.

## Paghinto ng DZLB noong Martial Law

Labing-apat na buwang huminto sa pagsasahimpapawid ang DZLB simula nang ibaba ang Martial Law noong 21 Setyembre 1972 (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

Isinalaysay ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019) ang mga nangyari sa UPCA bago ideklara ang Martial Law. Naganap ang Diliman Commune, protesta ng mga estudyante at guro sa UP Diliman kasama ang mga drivers at manggagawa laban sa pagtaas ng presyo ng langis noong 1-9 Pebrero 1971 (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Nakisimpatya ang mga estudyante ng UPLB sa mga estudyante ng UP Diliman sa pamamagitan ng pagsasahimpapawid nito ng protesta laban sa pamahalaan ni dating Pangulo ng Pilipinas Ferdinand Marcos, anya pa.

Sinabi pa ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019) na boluntaryong sinuspende ng DZLB ang sarili nitong operasyon nang ideklara ang Martial Law. Dagdag pa niya, sinuspende rin ng DZLB ang pagsasahimpapawid nito ng mga balita at iba pang aktibidad upang maprotektahan ang tower nito sa anumang posibleng mangyaring kaguluhan sa kampus.

"Alam naming hindi sisirain ng mga estudyante ang estasyon ng radyo at antenna tower. Hindi rin nila kami gagalawin bilang administrador ng radyo," wika ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019). Malaki ang tiwala ng administrasyong UPCA sa mga estudyante nito noong dekada 70 at gayundin ang mga estudyante sa mga opisyal ng Unibersidad. "Is there anything we can do?" tanong daw sa kaniya ni Dr. Dioscoro Umali, Dean ng College (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Nag-isip daw sila ng paraan kung paano matutulungan ang UP Diliman sa gitna ng pandarahas ng Metrocom.

> Isang araw pagkadeklara ng Martial Law, Sunday 'yon, may mga tangke na sa labas ng College, diyan sa may grove. This is it, sabi ko. Kaya nang tinanong ni National Scientist Dioscoro Umali kung ano ang gagawin namin para mailigtas muna ang radyo sa bagsik ng Martial Law, sabi ko, madali lang 'yan. Alisin lang ang isang tubo ng transmitter. (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

## 1986 People Power

Ikinuwento pa niyang nagkaroon ng malakihang protesta mula Laguna papuntang Maynila na kadalasang humahantong sa US Embassy bago magka-People Power. Paparami at papalaki ang mga aksiyong politikal na ito sa buong Luzon.

> Busloads of farmers from Laguna and the rice-producing provinces of Central Luzon would come to Manila to reinforce the throngs of students, young professionals, and workers from the city who marched in the streets. These rallies would inevitably wind up at the US embassy or the famous Plaza Miranda in front of the old Quiapo parish church, where the demonstrators would deliver angry speeches. (Daroy, n.d., par 28)

Pinatunayan ito ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019). Nakakapag-cover pa rin ang mga DZLB reporters noong Martial Law kahit off the air ito, kuwento pa niya. "Sa pagitan ng mga putok ng armalite ng Philippine Constabulary, nagtatago ako sa poste. Ite-tape ko sa portable tape recorder ang putukan at kaguluhan. Tapos, ipaparinig ko on air ang mga taped sound kasama ang ulat sa pangyayari sa Radyo Bandido," wika ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019).

"Napakalaki ng contingent galing sa Laguna na tumulong magpabagsak kay Marcos," kuwento pa ni Professor Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

Dagdag pa ni Prof. Librero (personal na panayam, Enero 15, 2019), nag-patch-up ang Radyo Bandido sa Radio Veritas kung kaya narinig ang panawagan ni June Keithly noong 21-25 Pebrero 1986 People Power sa EDSA na lumabas ang mga mamamayan bilang protesta sa Martial Law. Bagama't off the air ang DZLB, ang mga estudyante ang "nag-direct" ng traffic mula Laguna papuntang EDSA, kuwento pa ng Professor.

Ayon naman kay Ma. Serena Diokno (1988), nagsimulang sumambulat ang mga protesta simula nang patayin si dating Senator Benigno S. Aquino o Ninoy Aquino noong 21 Agosto 1983. Dagdag pa niya, papalaki at paparami ang mga protesta ng mga tao hanggang sa manawagan si Jaime Cardinal Sin, sa pamamagitan ng Radio Veritas, na suportahan ang ginawang pag-aalsa nina Defense Minister Juan Ponce Enrile at General Fidel Ramos laban sa pamahalaan noong 21 Pebrero 1986.

## Pagkonekta sa Los Baños Wing Command

Naririnig ang DZLB sa humigit-kumulang na layong 150-kilometer radius sa wikang Filipino. Pinakamalinaw ang signal nito sa Laguna, Rizal, at Metro Manila at iba pang bahagi ng Cavite, Bulacan, at Pampanga. Gayunpaman, mahina pa ang transmission power nito kaya humiling ang DZLB chairman at Professor na ngayon, na si Felix Librero, kay UPLB Chancellor Raul P. De Guzman na gumamit ng mga VHF unit para kumonekta sa Los Baños Wing Command, lokal na radyong pangkomunikasyon noong 1986 (Librero,

personal na panayam, Enero 15, 2019). Sa gayon, tinayang napaunlad pa nito ang mga pagsasahimpapawid ng mga balitang pangkaunlaran (Gomez et al., 2007).

Pinatakbo ito ng Department of Broadcasting and Telecommunication ng UPLB. Nasa loob ng kampus ng Uni-bersidad ang mga studio at transmitter ng DZLB. Bilang isang pang-edukasyong estasyon ng radyo, gamit ang konsepto ng "community broadcasting" (Gomez et al., 2007), may layunin itong:

1. Magpakalat ng impormasyong may kabuluhan at sumusuporta sa pambansang kaunlaran.
2. Magsilbing laboratoryo para sa mga brodkaster sa hinaharap sa pamamagitan ng mga kursong panghimpa-pawid na ibinibigay ng College of Development Communication (CDC) ng UPLB;
3. Magsilbing pasilidad para sa broadcast communication research; at
4. Magsilbing sentro ng sanayan para sa mga mamamahayag sa radyo. (p. 57)

Nagsisilbi itong "extension arm at laboratoryo" para sa mag-aaral na kumukuha ng kursong Development Communication sa UPLB (Rolle, 2015). Sa mga unang taon ng DZLB, nagsasahimpapawid ito ng mga programang may kaugnayan sa agrikultura, pagkain, biotechnology, kapaligiran, kababaihan, kalusugan, at marami pang iba. Bilang "school-on-the air" (Gomez et al., 2007), kapaki-pakinabang ang mga ito para sa mga mag-aaral ng farm broadcasting sa UPLB.

## Radio Farm News mula Luzon tungong Visayas at Mindanao

Bunsod ng pagtatayo ng 220 talampakang antenna tower ng radyo, nagkaroon ng isang linggong pagsasahimpapawid ang DZLB. Umabot na ang pagbabalita sa "apat na regional edition" sa Timog Luzon, Hilagang Luzon, Bicol, Kabisayaan, at Mindanao (College of Agriculture, 1970a).

Nagpatuloy itong maglabas ng mga balita patungkol sa agrikultura at kabukiran. Nakapagsahimpapawid ang DZLB ng 654 balita sa 50 Radio Farm News (RFN) sa wikang Ingles, Tagalog, Ilokano, Cebuano, Hiligaynon, at Bikolano. Sa RFN nagmumula ang mga balita hinggil sa pagtatanim, paghahayupan, at iba pa (College of Agriculture, 1970a). Idinagdag pa rin dito na naipamahagi ang mga ito sa 83 estasyon ng radyo at pitong radio network sa buong Pilipinas sa loob ng dalawang taon.

Nagpunta rin, nakisalamuha, at nakipanayam ang DZLB staff sa mga mamamayang nakatira sa mga pook na abot ng radyo upang makuha ang kanilang opinyon, malaman ang kanilang mga pangangailangan, at mahikayat makisangkot sa mga pangkaunlarang usapin sa kani-kanilang mga pook (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019).

Nagbuo na rin ng sariling koleksiyon at aklatan ang DZLB. May naipong 559 45-RPN record at 24 long playing record ang estasyon ng radio. Tumaas pa ang bilang nito sa patuloy na pagpapadala ng mga complimentary record ng dalawang recording companies sa DZLB (College of Agriculture, 1970a).

Bukod sa mga balitang pansakahan at paghahayupan, may segment rin sa DZLB na may pamagat na Mula sa Tsanselor na regular na isinasahimpapawid linggu-linggo. Naging bahagi rito ang mga sumusunod na Chancellor ng UPLB: Abelardo G. Samonte, Emil Q. Javier, Raul P. De Guzman, Ruben B. Aspiras, Ruben L. Villareal, Wilfre-do P. David, Luis Rey I. Velasco, Rex Victor O. Cruz, at kasalukuyang Chancellor Fernando C. Sanchez Jr. (Rolle, 2016).

Tinitiyak ring nakatuon ang mga programa sa DZLB sa pambansang kaunlaran ayon sa mga layunin ng Unibersidad:

1. Pagtataguyod at operasyon, pagpapabuti at pagpapaunlad ng mga institusyong teknikal, mga skills training center, at iba pang non-formal training program, at mga proyekto para sa mga out-of-school youth, at walang hanapbuhay, sa pakikipagtulungan ng National Manpower and Youth Council;

2. Pagpapaunlad ng staff at curriculum na nakatuon sa mathematics at science teaching;

3. Pagpapalawak ng mga programang agrikultural sa sekundarya (Rural High School sa UPLB) at kolehiyo; kabilang dito ang broadcasting, pagbibigay ng pag-aaral at pagsasanay sa lalawigan;

4. Pagbubukas ng mga pasilidad para sa pagtatanim ng mga binhi, palakasan, at iba pa; at

5. Pagtatalaga ng revolving fund para sa mga nabanggit (Librero, 1981, p. 15).

Ayon sa National Census and Statistics Office, nangunguna ang DZLB sa buong bansa sa mga palatuntunang pang-agrikultura at pangkaunlaran sa taong 1987 (Institute of Development Communication Brochure, 1987).

Narito ang mga palutuntunan ng DZLB sa panahong ito (DZLB Brochure, 1966):

| PM | MON | TUE | WED | THURS | FRI | SAT | SUN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1-1:30 | OOOPPSS, Teka Muna, Eto na Kami | OOOPPSS, Teka Muna, Eto na Kami | OOOPPSS, Teka Muna, Eto na Kami | OOOPPSS, Teka Muna, Eto na Kami | OOOPPSS, Teka Muna, Eto na Kami | | |
| 1:30-2 | Ulat Panla-lawigan | Sandiwa sa Himpa-pawid | Ulat Panla-lawigan | Sandiwa sa Himpa-pawid | Ulat Panla-lawigan | Kampus Balita | Mga Ulat Mulsa sa UPLB |
| 2-2:30 | Kadluan ng Yaman | Ang Poli-teknik | Kadluan ng Yaman | Ang Poli-teknik | Kadluan ng Yaman | Ang Poli-teknik | Buhat sa Gubat |
| 2:30-3 | Tinig ng Tahanan | Tinig ng Tahanan | Tinig ng Tahanan | Tinig ng Tahanan | Tinig ng Tahanan | Tinig ng Tahanan | Tinig ng Tahanan |
| 3-3:30 | Pinoy Sounds | Awit ng Pag-ibig | Pinoy Sounds | Awit ng Pag-ibig | Pinoy Sounds | Awit ng Pag-ibig | Awit ng Pag-ibig |
| 3:30-4 | Kalinga ni Inay | Batis ng Karunun-gan | Kalinga ni Inay | Batis ng Karunun-gan | Kalinga ni Inay | Ekolohiya | Younger Set |
| 4-4:30 | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Oras ng Mothers' Club | Oras ng Mothers' Club |
| 4:30-5 | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Kilos Ka-bayan | Samut Samot Inc | Samut Samot Inc |
| 5-5:30 | Samut Sari | Malayang Pagsasaka | Samut Sari | Malayang Pagsasaka | Samut Sari | Malayang Pagsasaka | Dahil May Buhay |
| 5:30-6 | Akbayan | | Akbayan | | Akbayan | Malayang Pagsasaka | Pintig |
| 6-7 | Halinang Mag-aliw | Malayang Pagsasaka | Malayang Pagsasaka | Malayang Pagsasaka | Malayang Pagsasaka | Malayang Pagsasaka | Pintig |
| 7-7:30 | Himig ng Lahi | Balitang Pambukid | Himig ng Lahi | Balitang Pambukid | Himig ng Lahi | Tinig ng Bisa | Pintig |
| 7:30-8 | Paaralan sa Pagsa-saka | Awit Juke-box | Paaralan sa Pagsa-saka | Awit Juke-box | Paaralan sa Pagsa-saka | Awit Juke-box | Gabay Aral |

## Ang DZLB-FM sa ika-20 daantaon

Nagkaroon ng DZLB-FM noong 15 Enero 1996 (DZLB Brochure, 2000). Tinatawag itong College Radio 97.4 Mhz at may islogang "Your very own college radio" sa ilalim ng Institute of Development Communication, anang brochure. Isinaad pa sa brochure na nakaaabot ang operasyon nito sa buong bayan ng Los Baños at ilang bahagi ng Calamba, Laguna sa pamamagitan ng operasyon ng 20-watt tower nito.

Inirekomenda ang pagkakaroon DZLB-FM ng Media External Review Committee ng UPLB upang maabot ang mga tagapakinig labas sa nakasanayang sektor ng kababaihan, kabataan, magsasaka, at mangingisda sa mga lokal na barangay (Tirol, personal panayam, Marso 25, 2019). Ipinaliwanag niyang nakatuon naman ito sa mga opisyal, kawani, mga estudyante ng UPLB pati na sa mga negosyo sa Los Baños. Kasabay nito, inilipat ang pagsasahimpapawid ng DZLB-AM mula ala-una ng hapon hanggang ikawalo ng gabi tungo sa ikaanim ng umaga hanggang tanghali. Idinagdag niya na inilagay ang oras ng DZLB-FM mula ikaapat ng hapon hanggang ikawalo ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sinabi rin niyang pinatatakbo ito ng mga mag-aaral ng Development Communication at tinutulungan ng mga mag-aaral ng College of Arts and Sciences—mga kumukuha ng AB Com Arts, sa pangunahin.

Gayundin, tumatanggap ang DZLB-FM ng mga advertisement mula sa mga lokal na negosyo sa Laguna (DZLB Brochure, 2000). Ilan sa mga sumusuportang negosyo sa DZLB-FM ang BATCAVE, Dunkin Donuts, McDonalds, Balrose Place, Vega Centre, at Padi's Point. Karamihan ng perang nakukuha mula sa solisitasyon sa mga negosyong ito ay napupunta sa pambili ng CD (Tirol, personal panayam, Marso 25, 2019). Idinagdag pa niyang mayroon ring usapang exchange deal sa mga solisitasyon.

Taong 1999, nagkaroon ng bagong programa sa DZLB-FM na may pamagat na IRRI Hour ng International Rice Research Institute (DZLB, 2000).

## "Closed TV circuit" sa ika-21 daantaon

Tinamaan ng kidlat ang dati nang lumang antenna tower ng DZLB sa kalakasan ng super bagyong Milenyo noong 2006 (Tirol, personal panayam, Marso 25, 2019). Nagbagsakan ang mga puno, nilipad ang mga bubong, bumagsak ang ilang gusali, nabasâ ang mga aklat sa library pati na mga mamahaling scientific equipment sa kasagsagan ng bagyo. Umabot ang nasira sa milyun-milyong piso (Librero, personal na panayam, Enero 15, 2019). Kasama sa nasirang antenna tower nito ang iba pang pasilidad na may kinalaman sa pagsasahimpapawid ng mga programa (Tirol, personal panayam, Marso 25, 2019). Nahinto ang pagsasahimpapawid ng DZLB, anya pa.

Taong 2015, nagpahayag ng suporta si UPLB Chancellor Fernando Sanchez Jr. na tutulungang mapaunlad at mapalakas pa ang DZLB 1116 Khz ("Sanchez supports DZLB," 2015) dahil sa mga lumang pasilidad ng radyo.

Pinangatawanan ng DZLB ang pagiging mahusay nitong laboratory para mga mag-aaral na kumukuha ng Development Communication kahit

may kakulangan sa transmitter radio. Sanayan ito ng kanilang pagsasalita sa radyo, pagsusulat ng balita at lathalain, pananaliksik at pakikisalamuha ang mga taong pinagkukunan ng impormasyon sa mga lokal na komunidad, opisyal at karaniwang mamamayan.

Sa taong 2019, wala pa sa himpapawid ang DZLB, ginagamit ng mga mag-aaral ng DevCom ang "closed circuit TV," isa sa laboratory sa kasalukuyan ng mga mag-aaral (Tirol, personal na panayam, Marso 25, 2019). Sinabi niyang kumukuha ang mga mag-aaral ng impormasyon sa mga LGU o nakikipanayam sila sa kanilang sources of information at ito ang ang kanilang ipinapakita sa closed circuit TV sa loob ng isang oras, ayon pa kay DevCom Dean Stella Tirol.

Ayon sa kanya, nagpaplano ngayon ang CDC na magkaroon ng teleradyo at DZLB Online upang makatugon sa nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong BA Development Communication. Nagpaplano ring baguhin ang mga estruktura nito.

Mga mungkahing programa ng DZLB sa muling pagsasahimpapawid nito gamit ang aprobadong budget mula sa Department of Budget and Management ang sumusunod (College of Development Communication, 2019):

1. UPLB;
2. The Doctor is In;
3. dISKOsyunan, kasama ang UP Community Broadcasters' Society;
4. Pinoy Sounds;
5. ENVIRONmentality, kasama ang DENR Region IV-A; at
6. LB Times On Air, kasama ang LB Times

Tumanggap ang CDC ng Gawi Award mula sa Philippine Agricultural Economics and Development Association, Inc. noong 1990 at DOST Media Award for Regional Radio Broadcasting noong 2000 (Bernardo, 2007. Tumanggap rin ito ng Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas Dove Awards sa taong 2004 (Bernardo, 2007). Gayundin ng Catholic Mass Media Award bilang Best Educational Program noong 2010, saad pa niya. Kasapi ang DZLB ng Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas.

Inasahang muling pumailanlang sa himpapawid ang DZLB sa taong 2020—hanggang biglaang dumating ang hindi inaasahang pandemyang COVID-19 na pumutol sa ikalawang semestre ng akademikong taon 2019-2020 sa buong Pilipinas.

## Kongklusyon

Mula 1964 hanggang sa kasalukuyan, nananatili ang mahigpit na ugnayan ng radyo, pamayanan, at kaunlaran. Epektibong naibabahagi ang mga kaalaman ng mga siyentipikong pag-aaral sa paghahalaman, paghahayupan, at agrikulturang kaunlaran sa mga magsasaka at mamamayang tagapakining ng DZLB sa pamamagitan ng School-on-Air at iba pang anyo ng programang panghimpapawid.

Gayundin, may palitan ng kaalamang nagmumula sa mga magsasaka at mamayan sa bukid at pamayanan sa pamamagitan ng panananaliksik na isinasagawa ng mga mag-aaral ng College of Development Communication, pakikipanayam, at tahasang pakikisalamuha sa kanilang mga samahan sa pamayanan. Sa "exchange of information" na ito, nagkakaroon ng "convergence" at "divergence" (Rogers & Chaffee, 1993) na magsusulong sa dulo sa kaunlaran.

Ipinakitang sa pakikipagtalastasang ito sa pamamagitan ng radyo, napag-iisa ang mga ideya at konseptong nakatuon sa agrikultura tungo sa pagpapaunlad ng kabuhayan at pagpapabuti ng kalagayan ng mga tagapakinig ng radyo.

Sa ganito, tunay ngang may mahigpit na pangangailangang patuloy pang palakasin ang DZLB bilang isang himpilan ng radyong nakatuon sa agrikultura at iba pang pangangailangan ng pamayanan sa Laguna at iba pang pook na abot ng radyo.

Nakita rin sa karanasan ng DZLB ang kahalagahan ng community broadcasting sa pag-oorganisa at pag-aangat ng kamalayan ng mga mamamayan kasabay ng pagkatuto ng mga mag-aaral ng kursong Development Communication sa development broadcasting na mahahalagang pundasyon sa pagsasahimpapawid sa aspektong teknikal at konseptuwal.

## References / Mga Sanggunian


Bernardo, F. A. (2007). *Centennial panorama: Pictorial history of UPLB*. UPLB Alumni Association, Inc.

College of Agriculture (1970a). *Annual report of the Dean College of Agriculture to the President of the University of the Philippines (1969-1970)*. UPLB CA

College of Agriculture. (1970b). *Press release, DAIC compilation, 1968-1970*. UPLB Archives.

College of Agriculture. (1973). *Executive committee report (1969-1973)*. College of Agriculture.

College of Agriculture (1956). *Annual report of the Dean of College of Agriculture to the UP President (1955-1956)*. UPLB CA.

College of Development Communication (2019). *College of Development Communication project proposal*. CDC.

College of Agriculture. (1968). *College of Agriculture catalogue announcements (1967-1968)* [Catalogue]. UPLB CA.

Daroy, P. (n.d). Early demonstrations. EDSA30. https://www.officialgazette.gov.ph/edsa/the-ph-protest-appendix/.

Diokno, M. S. I. (1988). Unity and struggle. In A. Javate-de Dios, P.B.. Daroy, & L. Kalaw-Tirol (Eds.), *Dictatorship and revolution: Roots of People's Power* (pp. 864-902). Conspectus Foundation.

DZLB. (1966). *Tinig ng nayon* [Brochure]. Institute of Development Communication, College of Agriculture.

DZLB Brochure. (2000). College of Development Communication.

Dela Paz, P. (1971). *Press Release (1968-1970)*. UPLB Records Division.

Gomez, E. D., Ordan, L. P., Vega, L. L. (2007). *Fundamentals of community broadcasting*. UP Los Baños Publications Office.

Institute of Development Communication. (1987). *Institute of Development Communication* [Brochure].

Librero, F. (1981). *Community broadcasting and its role in individual and group action (some field cases from the files of radio DZLB, the rural educational radio station of UPLB*. College of Development Communication.

Librero, F (1985). *Community Broadcasting and Its Role in Individual and Group Action (Some Field Cases from the Files of Radio DZLB)*. College of Development Communication.

*Oras ng mangingisda at ang kabiguan nito.* (n.d.). [Typewritten document]. UPLB Library.

Rogers, E. M. (1983). *Diffusion of innovations*. https://www.communicationtheory.org/diffusion-of-innovation-theory/).

Rogers, E. M. & Chaffee, S. H. (1993). The past and the future of communication study: Convergence or divergence. *Journal of Communication 43*(4), pp. 125-131.

Rolle, M. R. F. S. (2015). DEC conducts interactive learning center. *CDC Devcomm@il,* 7(10), 1-8.

Rolle, M. R. F. S. (2016). CDC celebrates 18th anniversary, inaugurates facilities. *CDC Devcomm@il, 8*(10), 1-8.

Sanchez supports DZLB. (2015). *CDC Devcomm@il. 7*(2), 12.

The Philippine Agriculturist and Forester Volume 1. (1911). UPLB Archive. College of Agriculture.

The Philippine Agriculturist and Forester Volume 6. (1918). UPLB Archive. College of Agriculture.

## Grant Support Details

**Author Contributions:** G.E. Melencio conducted all the research activities. The author has read and agreed to the published version of the manuscript.

**Acknowledgements:** The author would like to thank all the officials of the University of the Philippines-Los Baños, primarily the College of Development Communication, for their time and commitment with the study. This paper is dedicated to the memory of Dr. Felix Librero, PhD, Professor Emeritus, UPOU (1943-2021), who had graciously given his time and contibuted his knowledge for the completion of this paper.

**Conflict of Interest:** The author declares no conflict of interest.

## About the Authors

**GLORIA ESGUERRA MELENCIO** teaches History 1, Kasaysayan I, Philippine Institutions 10 and Exploring Gender and Sexuality at the University of the Philippines in Los Baños, Laguna. She also taught History, Geography, Rizal Course and Philippine Government at the University of Santo Tomas and the National University. She finished her BA Philippine Studies (Major in History and Literature) and Master of Arts in History at the University of the Philippines-Diliman. She has been pursuing her PhD History also in UP at present (corresponding author: gemelencio@up.edu.ph).